Australian Government

Department of Health and Aged Care

[Pangalan ng Korespondente]
[Kalye ng Korespondente]
[SUBURB NG KORESPONDENTE] [ESTADO NG KORESPONDENTE] [Post Code ng Korespondente]

XX Abril 2025

Mahal na XX,

## Paghahanda para sa bagong programang Support at Home

Sumulat ako sa iyo dahil kasalukuyan kang tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalaga sa nakatatanda sa pamamagitan ng Home Care Package [Mga Serbisyo sa Pangangalagang Ibinibigay sa Tahanan], o ikaw ang awtorisadong kinatawan ng isang taong tumatanggap nito.

Ang Pamahalaan ng Australya ay nagsasagawa ng mga pagbabago sa pangangalaga sa nakatatanda na ibinibigay sa tahanan. Sa ika-1 ng Hulyo 2025, lilipat ka sa Support at Home [Suporta sa Bahay], isang bagong programa na idinisenyo upang tulungan kang manatiling mas matagal na nagsasarili sa iyong tahanan at komunidad.

### Tungkol sa Support at Home

Ang Support at Home ay magbibigay sa iyo ng access sa mga serbisyo, produkto, kagamitan, at mga pagbabago sa bahay upang manatiling malusog, aktibo, at may ugnayan sa lipunan, katulad ng kasalukuyang programang Home Care Packages. Ang mga serbisyong matatanggap mo ay ibabatay sa pagsusuri sa iyo, pag-apruba, at badyet. Matatanggap mo ang parehong mga serbisyo, kung ang mga serbisyo ay kasama sa listahan ng serbisyo ng Support at Home. Patuloy kang susuportahan ng iyong provider sa pagpili ng tamang kombinasyon ng mga serbisyo na akma sa iyong pangangailangan at badyet.

Nagbibigay rin ang Support at Home ng access sa mga bagong paraan ng pagpopondo:

- ang restorative care pathway, na magpapalawig ng pagpopondo mula 8 linggo ng pangangalaga tungo sa 12 linggo, na nakatuon sa allied health upang mapalakas ang mga kalakasan at kakayahan.
- isang end-of-life pathway, upang ang mga taong nasa huling yugto na ng kanilang buhay ay makatanggap ng mas mataas na antas ng pangangalaga sa kanilang mga huling buwan
- nakalaang pondo para sa assistive technology at mga pagbabago sa bahay, kaya't hindi mo kailangang gamitin ang iyong regular na badyet sa home care para bayaran ang mga serbisyong ito.

Patuloy mong matatanggap ang parehong antas ng pagpopondo tulad ng sa iyong Home Care Package. Sa ilalim ng Support at Home, ang iyong taunang badyet ay pamamahalaan **tuwing ikatlong buwan.** Anumang hindi mo nagastos na pondo sa ngayon ay magagamit pa rin. Kung hindi mo nagastos ang iyong tatluhang buwan na badyet, maaari mong ipasa ang maksimum na $1,000 o 10 porsyento (alinman ang mas mataas) sa susunod na quarter.

**Mga susunod na hakbang**

Bago ang ika-1 ng Hulyo 2025, makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong provider upang suriin ang iyong care plan, ipaalam sa iyo ang kanilang bagong presyo, at ihahanda ang isang bagong kasunduan sa serbisyo upang ipagpatuloy ang paghahatid ng mga serbisyo sa pangangalaga sa ilalim ng bagong programa. Ito ay isang mahalagang pag-uusap, at dapat mong gamitin ito upang matiyak na matatanggap mo ang mga serbisyong pinakamainam na susuporta sa iyo.

Naglagay ang gobyerno ng mga proteksyon upang matiyak mong makatarungan at malinaw ang mga presyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga proteksyon at presyo sa ilalim ng Support at Home, maaari kang bumisita sa: https://www.health.gov.au/news/new-support-at-home-pricing-guidance.

Susulatan ka ng Services Australia upang ipaalam sa iyo kung ano ang kailangan mong iko-contribute sa gastos ng iyong mga serbisyo. Maaaring humiling ang Services Australia ng impormasyon tungkol sa iyong kita at ari-arian upang magawa ito.

Kasama sa liham na ito ang isang checklist upang matulungan kang maghanda para sa Support at Home.

**Saan ako maaaring pumunta kung mayroon akong mga tanong?**

Kung nais mong malaman ang higit pa tungkol sa Support at Home, mangyaring bisitahin ang myagedcare.gov.au/improving-australias-aged-care-system

Maaari mo ring kontakin:

- ang iyong Home Care Package provider
- ang Older Persons Advocacy Network (OPAN) [Network ng Pagtataguyod sa mga Nakatatanda] aged care advocacy line [linya ng pagtataguyod sa pangangalaga sa nakatatanda] sa 1800 700 600 para sa impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at upang humiling ng suporta sa pakikipag-usap sa iyong provider. Bisitahin ang www.opan.org.au

Susulatan kang muli ng Pamahalaan ng Australya habang papalapit ang ika-1 ng Hulyo 2025 upang ibigay ang anumang karagdagang impormasyon na kakailanganin mo.

Sumasaiyo,

Sonja Stewart
Deputy Secretary
Abril 2025